

MGA MADALAS ITANONG

Maaari ko bang lagyan ng kuryente ang isang umiiral na bakod?

Oo! Maaari mong i-retrofit ang maraming uri ng pangharang na pagbabakod gamit ang isang energizer at iba pang bahagi ng de-kuryenteng bakod.

Maaari ko bang lagyan ng kuryente ang isang bakod na alambreng may tinik?


Huwag kailanman gumamit ng alambreng may tinik bilang bahagi ng de-kuryenteng bakod. Ang de-kuryenteng alambreng may tinik o alambreng may tinik na sinamahan ng de-kuryenteng pagbabakod ay nagdudulot ng malaking panganib sa kaligtasan ng mga tao, hayop, at wildlife.

Ligtas ba ang mga de-kuryenteng bakod?

Ang mga modernong energizer ng de-kuryenteng bakod ay idinisenyo upang maging masakit ngunit hindi nakakapinsala. Dapat kang palaging mag-ingat sa paligid ng mga de-kuryenteng system.

Mahal ba ang mga de-kuryenteng bakod?

Ang mga de-kuryenteng bakod ay maaaring mahal o mura depende sa laki ng lugar na gusto mong palibutan at ang iyong pipiliing materyales na gagamitin sa pagtayo nito. Ang maliliit na proyekto ng de-kuryenteng bakod ay karaniwang nagkakahalaga ng \$200- \$800.



Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga de-kuryenteng bakod, ang kanilang konstruksiyon, at ang kanilang paggamit; tingnan ang mga sumusunod na web page at artikulo o makipag-ugnayan sa Defenders of Wildlife sa pamamagitan ng email: AlaskaDefenders@Defenders.org

“Pagharang sa mga Oso gamit ang Nakakuryenteng Pagbabakod: Isang gabay para sa baguhan” – Montana Fish, Wildlife & Parks

“Gabay sa Pag-install ng De-kuryenteng Bakod” - Zareba Systems

“Mga De-kuryenteng Bakod bilang Mga Pangharang ng Oso” - Kagawaran ng Isda at Laro ng Alaska



Programang Insentibo para sa de-kuryenteng bakod

DE-KURYENTENG PAGBABAKOD PARA SA MGA BAGUHAN



NILIKHA NG DEFENDERS OF WILDLIFE

ANO ANG ISANG DE-KURYENTENG BAKOD?

Ang mga de-kuryenteng bakod ay isang uri ng bakod na gumagamit ng kuryente upang palakasin ang isang pangharang. Lumilikha ang mga de-kuryenteng bakod ng parehong pisikal at sikolohikal na harang para sa wildlife gamit ang stimulus na nagdudulot ng sakit.

PAANO AKO MAGSISIMULA?

Ang mga sumusunod ay ang mga pangunahing bahagi ng isang de-kuryenteng bakod. Maaari mong mahanap ang materyales na ito sa mga lokal na tindahan ng hardware at online.

ITEM	TINATAYANG GASTOS*
1 Joule Energizer	\$100 - \$150
14 Gauge Steel o Aluminum na Kawad	\$40 - \$70 / 1/4 milya
5 talampakang Posteng Bakod na Gawa sa Metal	\$6 - \$8
Mga Plastik na T-Post Insulator	\$10 / 25 pakete
6 na talampakang Steel Grounding Rod	\$16 - \$20
Insulated na Kawad	\$22 / 50 talampakan
Tester ng Boltahe	\$14

*nag-iiba ang mga presyo batay sa lokasyon, brand, materyal, at bayarin sa pagpapadala.

MGA ENERGIZER

Lumilikha ng elektrikal na enerhiya na sinusukat sa mga joule. Ang mga energizer ay may isang storage at output capacity. Ang naka-store na joule capacity ay palaging mas mataas kaysa sa output capacity. Kapag bumibili ng isang energizer, bigyang-pansin ang mga output joule. Inirerekomenda ng Defenders of Wildlife ang pagpili ng mga energizer na may hindi bababa sa 0.7 J na output upang harangan ang mga oso.

PAGPILI NG PINAKAMAHUSAY NA ENERGIZER PARA SA IYO

Bagama't ang lahat ng uri ng energizer ay maaaring lumikha ng kinakailangang kuryente upang harangan ang mga oso o iba pang hayop, ang ilan ay maaaring mas angkop sa iyong partikular na lokasyon.

AC Powered/Plug in: Pinaka-stable na pinagmumulan ng kuryente dahil nakasaksak ito sa dingding o power strip. Ang outlet ay dapat nasa pagitan ng 110-220 boltahe. Ito ay hindi isang mainam na energizer para sa isang malayong lokasyon.

DC Battery Powered: Mainam para sa malalayong lugar. Pinapatakbo ng mga baterya na maaaring mare-charge. Ang lebel ng baterya ay dapat na subaybayan.

Solar Re-Chargeable na Baterya: Mainam para sa malalayong lugar. Nare-recharge ang mga baterya sa pamamagitan ng solar panel. Gayunpaman, sa mga lugar na nakakaranas ng kaunting sikat ng araw, ang mga panel ay maaaring hindi makakolekta ng sapat na enerhiya para sa pag-recharge.

KAWAD

Ang pinakamahasay na mapagpipiliang kawad ay depende sa layunin ng iyong bakod. Para sa pangmatagalan o permanenteng bakod, ang 14 na gauge galvanized steel o aluminum wiring ay ang pinakamainam. Kung gusto mo ng bakod na madaling matanggal at maitayong muli bawat taon, ang polywire ang pinakapraktikal na mapagpipilian. Kakailanganin mo rin ang insulated na kawad upang maikonekta ang energizer, grounding rod, at kawad ng bakod sa isa't isa.

MGA POSTE NG BAKOD

Ang mga poste ay maaaring maging kahoy, metal, o plastik. Habang maaaring makagawa ang kahoy ng isang mas matibay na bakod, tandaan na ito ay mabubulok sa mas basang klima. Hindi dapat mas mababa sa 4 na talampakan ang mga bakod para sa mga oso at pinakamainam na dapat ay 5-6 na talampakan ang taas.

MGA INSULATOR

Pinipigilan ng mga insulator ang mga kawad ng bakod mula sa pagdaplis sa mga poste at naiiwasan ang pag-leak ng kuryente. Karaniwang gawa ang mga ito mula sa plastik o seramik at maaaring ipinapako, pinuputol, o idinidikit sa mga poste ng bakod.

GROUNDING ROD

Ang mga grounding rod ay nagsisilbing antenna na nangongolekta ng enerhiya na inilabas sa lupa at naghahatid nito pabalik sa energizer. Tumutugma ang haba ng rod sa kung gaano karaming joule ng enerhiya ang maaari nitong makolekta at mahawakan. Ang isang de-kuryenteng bakod ay dapat mayroong hindi bababa sa 3-6 na talampakan ng grounding rod bawat Joule. Imposibleng magkaroon ng masyadong maraming ground, ngunit ang hindi paglikha ng sapat na ground ay makabuluhang maglilimita sa kuryente ng iyong bakod.

TESTER NG BOLTAHE

Nagbibigay-daan sa iyo ang mga tester ng boltahe na matukoy ang tumpak na output ng boltahe ng iyong bakod. Maaaring gamitin ang mga tester upang mahanap ang mahihinang bahagi o matukoy kung ang kuryente ay may pag-leak.